Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**
# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY DUHAT NOONG IKA- 21 NG HUNYO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

DI-DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ Pang. Punong Bayan
on official leave
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 233-T'2000

**KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY-KARAPATAN SA KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG BAYAN SA PAGLAGDA SA ISANG KASUNDUAN SA PAGITAN NG KAGAWARAN NG KAGALINGANG PANLIPUNAN AT PAGPAPAUNLAD (DSWD) TANGGAPANG PANREHIYON BLG. 4 NA KINAKATAWAN NI DIR. MILDA S. ALVIOR HINGGIL SA PAGPAPATUPAD NG PROGRAMANG "LINGAP PARA SA MGA MAHIHIRAP".**

**SAPAGKA'T,** ang pagpasok sa anumang kasunduan ukol sa pagpapatupad ng mga programa/at proyekto ng pamahalaan ay naaayon sa itinatakda ng batas;

**SAPAGKA'T,** may kasunduang isinagawa ang pamahalaang bayan at DSWD hinggil sa pagpapatupad ng programang "Lingap para sa mga Mahihirap";

**SAPAGKA'T,** magiging epektibo ang kapasiyahang ito sa sandaling isaalang-alang ang pagpapatibay ng kontrata ukol dito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison at Florencio C. Odeja at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na bigyang-karapatan ang Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na kumatawan sa pamahalaang bayan sa paglagda sa isang kasunduan sa pagitan ng Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad Tanggapang Panrehiyon Blg. 4 na kinakatawan ni Dir. Milda S. Alvior hinggil sa pagpapatupad ng programang "Lingap para sa mga Mahihirap".

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito si Dir. Milda S. Alvior, Panrehiyong Direktor, Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad. Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Manananggol, at Pambayang Pinuno sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

xxx

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 233-T'2000)



PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan